6

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 5:

## Ang Deklarasyon ng Kasarinlan at Pagtatatag ng Unang Republika




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

GOVERNMENT PROPERTY
NOT FOR SALE

**Araling Panlipunan – Baitang 6**
**Alternative Delivery Mode**
**Unang Markahan – Modyul 5: Ang Deklarasyon ng Kasarinlan at Pagtatatag ng Unang Republika**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas **Republika 8293, Seksiyon 176** na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Mitzel M. Alvaran, Marife E. Cajutol
**Editor:** Carmela M. De Gracia, Jewelyn Q. Cadigal, Blas P. Tabayag, Jr.
**Tagasuri:** Blas P. Tabayag, Jr., Mary Helen M. Bocol, Junry M. Esparar
**Tagaguhit:** Roland B. Tarrazona
**Tagalapat:** Jewelyn Q. Cadigal
**Tagapamahala:** Ma. Gemma M. Ledesma, Josilyn S. Solana, Portia M. Mallorca, Peter J. Galimba, Elena P. Gonzaga, Donald T. Genine, Jerry A. Oquendo, Junry M. Esparar, Mary Helen M. Bocol, Blas P. Tabayag, Jr.

**Printed in the Philippines by ______________________**

**Department of Education – Region VI-Western Visayas**
Office Address: Duran Street, Iloilo City, Philippines, 5000
Telefax: (033) 336-2816, (033) 509-7653
E-mail Address: deped6@deped.gov.ph

# 6

# Araling Panlipunan

## Unang Markahan – Modyul 5:

## Ang Deklarasyon ng Kasarinlan at Pagtatatag ng Unang Republika

DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Para sa tagapagdaloy:

Malugod na pagtanggap sa asignaturang **Araling Panlipunan Baitang 6** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul para sa araling **Ang Deklarasyon ng Kasarinlan at Pagtatatag ng Unang Republika!**

Ang modyul na ito ay pinagtulungang dinisenyo, nilinang at sinuri ng mga edukador mula sa pambuliko at pampribadong institusyon upang gabayan ka, ang gurong tagapagdaloy upang matulungang makamit ng mag-aaral ang pamantayang itinakda ng Kurikulum ng K to12 habang kanilang pinanagumpayan ang pansarili, panlipunan at pang-ekonomikong hamon sa pag-aaral.

Ang tulong-aral na ito ay umaasang makauugnay ang mag-aaral sa mapatnubay at malayang pagkatuto na mga gawain ayon sa kanilang kakayahan, bilis at oras. Naglalayon din itong matulungan ang mag-aaral upang makamit ang mga kasanayang pan-21 siglo habang isinasaalang-alang ang kanilang mga pangangailangan at kalagayan.

Bilang tagapagdaloy, inaasahang bibigyan mo ng paunang kaalaman ang mag-aaral kung paano gamitin ang modyul na ito. Kinakailangan ding subaybayan at itala ang pag-unlad nila habang hinahayaan silang pamahalaan ang kanilang sariling pagkatuto. Bukod dito, inaasahan mula sa iyo na higit pang hikayatin at gabayan ang mag-aaral habang isinasagawa ang mga gawaing nakapaloob sa modyul.

Para sa mag-aaral:

Malugod na pagtanggap sa **Araling Panlipunan Baitang 6** ng Alternative Delivery Mode (ADM) Modyul ukol sa **Ang Deklarasyon ng Kasarinlan at Pagtatatag ng Unang Republika!**

Ang modyul na ito ay ginawa bilang tugon sa iyong pangangailangan. Layunin nitong matulungan ka sa iyong pag-aaral habang wala ka sa loob ng silid-aralan. Hangad din nitong madulutan ka ng mga makabuluhang oportunidad sa pagkatuto.

Ang modyul na ito ay may mga bahagi at icon na dapat mong maunawaan.

| | |
|---|---|
| ***Alamin*** | Sa bahaging ito, malalaman mo ang mga dapat mong matutuhan sa modyul. |
| ***Subukin*** | Sa pagsusulit na ito, makikita natin kung ano na ang kaalaman mo sa aralin ng modyul. Kung nakuha mo ang lahat ng tamang sagot (100%), maaari mong laktawan ang bahaging ito ng modyul. |
| ***Balikan*** | Ito ay maikling pagsasanay o balik-aral upang matulungan kang maiugnay ang kasalukuyang aralin sa naunang leksyon. |
| ***Tuklasin*** | Sa bahaging ito, ang bagong aralin ay ipakikilala sa iyo sa maraming paraan tulad ng isang kuwento, awitin, tula, pambukas na suliranin, gawain o isang sitwasyon. |
| ***Suriin*** | Sa seksyong ito, bibigyan ka ng maikling pagtalakay sa aralin. Layunin nitong matulungan kang maunawaan ang bagong konsepto at mga kasanayan. |
| ***Pagyamanin*** | Binubuo ito ng mga gawaing para sa malayang pagsasanay upang mapagtibay ang iyong pang-unawa at mga kasanayan sa paksa. Maaari mong iwasto ang mga sagot mo sa pagsasanay gamit ang susi sa pagwawasto sa huling bahagi ng modyul. |
| ***Isaisip*** | Naglalaman ito ng mga katanungan o pupunan ang patlang ng pangungusap o talata upang maproseso kung anong natutuhan mo mula sa aralin. |
| ***Isagawa*** | Ito ay naglalaman ng gawaing makatutulong sa iyo upang maisalin ang bagong kaalaman o kasanayan sa tunay na sitwasyon o realidad ng buhay. |

| | |
|---|---|
| ***Tayahin*** | Ito ay Gawain na naglalayong matasa o masukat ang antas ng pagkatuto sa pagkamit ng natutuhang kompetensi. |
| ***Karagdagang Gawain*** | Sa bahaging ito, may ibibigay sa iyong panibagong gawain upang pagyamanin ang iyong kaalaman o kasanayan sa natutuhang aralin. |
| ***Susi sa Pagwawasto*** | Naglalaman ito ng mga tamang sagot sa lahat ng mga gawain sa modyul. |

Sa katapusan ng modyul na ito, makikita mo rin ang:

| | |
|---|---|
| ***Sanggunian*** | Ito ang talaan ng lahat ng pinagkuhanan sa paglikha o paglinang ng modyul na ito. |

Ang sumusunod ay mahahalagang paalala sa paggamit ng modyul na ito:

1. Gamitin ang modyul nang may pag-iingat. Huwag lalagyan ng anumang marka o sulat ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.
2. Huwag kalimutang sagutin ang *Subukin* bago lumipat sa iba pang gawaing napapaloob sa modyul.
3. Basahing mabuti ang mga panuto bago gawin ang bawat pagsasanay.
4. Obserbahan ang katapatan at integridad sa pagsasagawa ng mga gawain at sa pagwawasto ng mga kasagutan.
5. Tapusin ang kasalukuyang gawain bago pumunta sa iba pang pagsasanay.
6. Pakibalik ang modyul na ito sa iyong guro o tagapagdaloy kung tapos nang sagutin lahat ng pagsasanay.

Kung sakaling ikaw ay mahirapang sagutin ang mga gawain sa modyul na ito, huwag mag-aalinlangang konsultahin ang inyong guro o tagapagdaloy. Maaari ka rin humingi ng tulong kay nanay o tatay, o sa nakatatanda mong kapatid o sino man sa iyong mga kasama sa bahay na mas nakatatanda sa iyo. Laging itanim sa iyong isipang hindi ka nag-iisa.

Umaasa kami, sa pamamagitan ng modyul na ito, makararanas ka ng makahulugang pagkatuto at makakakuha ka ng malalim na pang-unawa sa kaugnay na mga kompetensi. Kaya mo ito!

## Alamin

Ang modyul na ito ay dinisenyo at isinulat para sa ikaunlad ng iyong kaalaman. Sa modyul na ito iyong malalaman ang plano ng mga Amerikano laban sa mga Pilipno at Español. Matatalakay mo rin ang mga plano ni Heneral Emilio Aguinaldo sa pamahalaan nang magkausap sila ni Komador George Dewey, pinuno ng hukbo ng Amerikano na namagitan sa Pilipino at mga Español. Gusto mo bang malaman kung ano ang mga naganap na pangyayari bago ideneklara ang kasarinlan o ang pagiging malaya ng Pilipinas laban sa mga Español?

Pagkatapos pag-aralan ang modyul na ito, maaari mo nang magawa ang sumusunod:

- Matutukoy ang mga detalyeng naganap bago napasinayahan ang Kongreso ng Malolos;
- Malalaman ang ganap na layunin ng Kongreso;
- Makakagawa ng timeline ng Himagsikang 1896 hanggang sa Pamahalaang Rebolusyonaryo 1898;
- Matatalakay ang mga layunin ng Saligang Batas na ipinatupad sa ilalim ng Republika ng Pilipinas; at
- Napapahalgahan ang Saligang Batas na unang ginawa ng Kongreso ng Malolos na siyang kauna-unahang batas na ipinatupad sa pagdeklara ng kasarinlan ng Pilipinas.

## Subukin

Panuto: Alamin kung ano ang tinutukoy sa bawat bilang. Piliin ang sagot sa loob ng kahon. Isulat ang titik ng tamang sagot sa sagutang papel.

| | |
|---|---|
| Enero 25, 1898 | Pedro Paterno |
| Hunyo 12, 1898 | Hunyo 23,1898 |
| Mayo 24, 1898 | Apolinario Mabini |
| Kongreso ng Malolos | Antonio Regidor |
| Setyembre 15,1898 | Abril 21,1898 |

_______ 1. Unang ipanahayag ang kasarinlan ng bansang Pilipinas

_______ 2. Itinatag ni Aguinaldo ang isang Pamahalaang Diktatoryal

_______ 3. Pinasinayaan sa simbahan ng Barasoain sa Malolos, Bulacan ang Kongreso ng Malolos

_______ 4. Namuno sa Kongreso sa Malolos

_______ 5. Dumating ang barkong pandigmang Maine ng Estados Unidos sa Havana, Cuba

_______ 6. Nagsilbing tagapayo ng pangulo sa mga bagay na may kaugnayan sa kapakanan ng mga mamamayan

_______ 7. Pinalitan ni Apolinario Mabini ang Pamahalaang Diktatoryal ng Pamahalaang Rebolusyonaryo

_______ 8. Pagsabog ng barkong Maine

_______ 9. Kinatawan ng America sa samahang Hong Kong Junta

_______ 10. Kinatawan ng England sa samahang Hong Kong Junta

| Aralin 1 | Deklarasyon ng Kasarinlan ng Unang Republika |
|---|---|

Alam mo ba ang mga kaganapan sa ating bansa sa ilalim ng pamumuno ni Hen. Emilio Aguinaldo matapos ang Kasunduan sa Biak-na-Bato? Alam mo ba ang mithiin ng heneral sa paglaban sa mga Espanol? Ano naman kaya ang naging ambag ng “Utak ng Rebolusyon” na si Apolinario Mabini sa kaganapang ito? Malalaman mo sa modyul na ito ang mga pangyayaring naging simula ng pagkakamit ng kalayaan ng Pilipinas sa mga Español.

## *Balikan*

Panuto: Pagsunud-sunurin ang mahahalagang pangyayari na naganap sa kasaysayan ng Pilipinas. Gamitin ang mga bilang **1** hanggang **10**. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

_______1. Sigaw sa Pugad Lawin

_______2. Kumbensiyon sa Tejeros

_______3. Pagtatatag ng Kongreso ng Malolos

_______4. Pagpapahayag ng Kalayaan ng Pilipinas

_______5. Kasunduan sa Biak-na-Bato

_______6. Pagbabalik ni Aguinaldo mula sa Hong Kong

_______7. Pagbubunyag ng Katipunan


_______8. Paglitaw ng Katipunan

_______9.  La Liga Filipina

_______10. Unang Republika ng Pilipinas

## Tuklasin

Alam ba ninyo na matapos matalo ng mga Amerikano ang mga Español sa labanan sa Maynila ay agad na bumuo ang ilang manghihimagsik ng mga plano para sa kalayaan ng Pilipjnas mulsa sa mga Español?



Representasyon ng Deklarasyon ng Araw ng Kalayaan sa
Kawit, Cavite noong Hunyo 12, 1898

## Suriin

Ang paglaban ng mga bayani sa ating kasiranlan ay nagbigay daan sa ating mga Pilipino na isabuhay ang mga ginawa ng ating bayani upang makamit ang ating kalayaan. Sa ngayon, tinatamasa na natin ang kasarinlan ng ating bansa.

Mula sa kaganapan ng pagbabalik ni Emilio Aguinaldo galing Hong Kong sa kadahilanan na hindi tumupad ang Espanya sa Kasunduan sa Biak-na-Bato, gayunpaman hindi rin natupad ng mga Pilipino ang kanilang pangako na ibalik ang mga armas. Naging matatag si Aguinaldo sa pagtatatag ng Pamahalaang Republika sa tulong ng kanyang tagapayo na si Apolinario Mabini. Tinatag ang Kongreso ng Malolos upang makabuo ng Saligang Batas ng Malolos. Si Hen. Emilio Aguinaldo ang hinirang ng Kongreso bilang Pangulo ng Unang Republika ng Pilipinas.

**Saligang Batas ng Malolos**

1. Paghihiwalay ng simbahan at estado
2. Pagkilala sa karapatan ng bawat tao
3. Libreng edukasyon sa elementarya
4. Probisyon tungkol sa kapangyarihan ng ehekutibo, lehislatura at hukuman

**Pamahalaang Diktatoryal**

Sa pagbabalik ni Aguinaldo mula Hong Kong ay nagdesisyon siya na magtatag ng isang panibagong pamahalaang Pilipino. Dahil dito, nagtatag muna si Aguinaldo ng isang Pamahalaang Diktatoryal noong Mayo 24, 1898 kung saan hinawakan niya ang kapangyarihan ng isang diktador. Binigyan diin ni Aguinaldo na ang kapangyarihang ito ay pansamantala lamang dahil na rin sa pangangailangan ng sitwasyon. Sinunod niya ang payo ng abogadong si Ambrosio Reanzares Bautista na kailangan muna na magtatag ng isang pamahalaan diktatoryal upang ganap na masaklawan ang buong bansa at madaling mapagtagumpayan ang pakikidigma. Ang Pamahalaang Diktatoryal ay mananatili habang may digmaan. Ito ay hahalinhan ng isang republikang magtatayo ng isang pamahalaang federal na itinadhana ng Saligang Batas na dala niya mula sa Hongkong at isinulat ni Mariano Ponce.

Noong Hunyo 12, 1898 sa Kawit, Cavite unang ipinahayag ang kasarinlan ng Pilipinas. Ang mga pinuno ng himagsikan ay lumagda sa kasulatan na ginagawaran si Aguinaldo ng sapat na kapangyarihan upang pamunuan ang pamahalaan. Ang Akto ng Pagpapahayag ng Kasarinlan ay inihanda, sinulat at binasa ni Ambrosio Rianzares Bautista sa wikang Kastila. Ang pagpapahayag ay inilagda ng 98 katao, kabilang na dito ay isang opisyal ng hukbong Amerikano na siyang nakasaksi sa proklamasyon. Si Apolinario Mabini ang naglingkod bilang pinunong tagapayo ni Aguinaldo.

Kaalinsabay nito, unang iwinagayway ang bandilang Pilipino sa tugtog ng *Marcha Filipina Magdalo* bilang pambansang awit, na kilalala ngayon bilang Lupang Hinirang. Ito ay isinulat ni Julian Felipe at nang naglaon ay nilapatan ng titik ni Jose Palma. Ang bandila ng Pilipinas ay tinahi nina Marcela Agoncillo, Josefa Herbosa de Natividad at Lorenza de Agoncillo sa Hong Kong.

**Ang Pamahalang Rebolusyonaryo**

Noong Hunyo 23, 1898 bilang pagsunod sa payo ni Mabini, pinalitan ni Aguinaldo ang Pamahalaang Diktatoryal ng Pamahalaang Rebolusyonaryo. Hinalinhan ang tawag na "diktador" at ipinalit ang "pangulo" bilang katawagan sa pinuno ng pamahalaang rebolusyonaryo.

Sa pamahalaang ito, ang pangulo ay tutulungan ng isang Kongreso ng Panghimagsikan na binubuo ng mga kinatawan mula sa iba't-ibang lalawigan tagapagpaganap upang gumawa ng mga batas para tiyak na mamalagi ang kaayusang panloob at mapangalagaan ang bansa laban sa dayuhang mananakop.


Layunin ng Pamahalaang Rebolusyonaryo ang ipagpatuloy ang pakikipaglaban ng Pilipinas para sa kalayaan at ihanda ang bansa upang maitayo ang isang Pamahalaang Republika.

Matapos mapagtibay ang Saligang Batas ng Kongreso, ipinalabas sa Malolos ang proklamasyon ng Republika noong Enero 23, 1899. Inihalal si Emilio Aguinaldo bilang pangulo ng Republika ng Pilipinas ayon sa tadhanang ipinagtibay sa Saligang Batas. Si Pedro A. Paterno ang naging Pangulo ng Kongreso. Kaagad na nanumpa si Aguinaldo bilang Pangulo ng Unang Republika ng Pilipinas. Hangad ni Aguinaldo na maipabatid sa ibang bansa ang kalayaang pagsasarili ng Pilipinas. Kasabay nito, lumikha siya ng mga lupon pangdiplomasiya sa labas ng bansa. Ang layuning nito ay para makipag-ugnayan sa ibang bansa upang maglarawan ng magandang kalagayan ng Pilipinas. Itinatag ang Hong Kong Junta na ang mga kasapi ay kumakatawan sa iba't-ibang bansa. Kabilang sa mga nahirang ay sina:

- Felipe Agoncillo- kinatawan para sa America;
- Antonio Regidor-kinatawan para sa England;
- Edilberto Zarcal- kinatawan para sa Australia; at
- Mariano Ponce, Faustino Lichauco, Juan Luna, Pedro Roxas- mga kinatawan para sa Japan.

Gawin ang sumusunod.

Panuto: Gamit ang Concept Map, ilahad ang mga kontribusyon ni Emilio Aguinaldo sa kahalagahan ng pagtatag ng Kongreso ng Malolos.



## Pagyamanin


Panuto: Buuin ang *crossword puzzle* sa pagtukoy ng hinihinging konsepto at kaisipan sa bawat bilang. Isulat ang sagot sa sagutang papel.

***Pahalang**:*

2. Pangalan ng barkong sinakyan ni Aguinaldo
3. Sa barkong ito nagpulong sina John Dewey at Aguinaldo
5. Pinuno ng plota ng mga Amerikano sa silangan
6. Utak ng Rebolusyon
7. Namuno sa Kongreso ng Malolos

***Pababa**:*

1. Ipinalit sa Pamahalaang Diktatoryal
4. Dito pinasinayaan ang Kongreso ng Malolos
8. Nagtungo sa Hong Kong noong Disyembre 27, 1897



## Isaisip

Bilang pagtupad sa nilalaman ng Kasunduan sa Biak-na-Bato, nilisan ni Aguinaldo ang Pilipinas papuntang Hong Kong kasama ang 36 na iba pang rebolusyonaryo noong Disyembre 27, 1897. Pansamantalang natigil ang himagsikan sa pagitan ng mga Pilipino at mga Español.

Noong Mayo 19, 1898, bumalik si Aguinaldo sa Pilipinas mula Hong Kong sakay ng barkong McCulloch sa utos ni Komador George Dewey na siyang pinuno ng plota ng mga Amerikano sa Silangan. Nagpulong ang dalawa sa barkong Olympia sa baybayin ng Cavite na kung saan ipinahayag ni George Dewey na ang tanging layunin ng mga Amerikano sa Pilipinas ay tulungan itong makalaya sa mga Español. Napaniwala si Aguinaldo na maganda ang layunin ng mga Amerikano kaya agad niyang ipinulong ang mga rebolusyonaryong Pilipino na matagal nang naghihintay sa kanyang pagbabalik. Noong Mayo 24, 1898, itinatag ni Aguinaldo ang isang Pamahalaang Diktatoryal na ang layunin ay muling mapag-isa ang mga rebolusyonaryo sa ilalim ng isang pamahalaan.

Noong Hunyo 23, 1898 sa payo ni Apolinario Mabini, na siyang tagapayo ni Aguinaldo at Utak ng Himagsikan, ang Pamahalaang Diktatoryal ay pinalitan ng Pamahalaang Rebolusyonaryo. Sa ilalim ng pamahalaang ito, pinangunahan ni Aguinaldo ang pamahalaan bilang "pangulo" sa halip na isang "diktador." Sa pamamagitan ng Pamahalaang Rebolusyonaryo, ipinatupad ang pagtatayo ng iba't–ibang sangay ng pamahalaan tulad ng pamahalaang lokal at ang kongreso. Kaya naman noong Setyembre 15, 1898, pinasinayaan sa simbahan ng Barasoain sa Malolos, Bulacan ang Kongreso ng Malolos na pinamumunuan ni Pedro Paterno. Ngunit ayon sa dekretong lumikha dito, ang Kongreso ng Malolos ay walang kapangyarihang gumawa ng batas kundi ito ay magsisilbi lamang tagapayo ng pangulo.

Ang Saligang Batas ng Malolos ang pinakamahalagang nagawa ng kongresong panghimagsikan. Itinatadhana ng Saligang Batas ng Malolos ang isang republikang tumatanggap, kumakatawan at nananagutan sa mga mamamayan. Unang ipinahayag ang kasarinlan ng Pilipinas noong Hunyo 12, 1898 sa Kawit, Cavite. Kaalinsabay nito ay iwinagayway ang bandilang Pilipino sa saliw ng Marcha Magdalo na siyang naging pambansang awit ng Pilipinas.

## *Isagawa*

Panuto: Isa-isahin ang mga petsa ng kaganapan at pangyayari mula 1897 hanggang 1898. Iguhit ang organiser at isulat ang sagot sa sagutang papel. Pumili ng sagot sa loob ng kahon sa ibaba.

| Petsa | Kaganapan |
|---|---|
| 1. Disyembre 27,1897 | |
| 2. Mayo 19,1898 | |
| 3. Mayo 24, 1898 | |
| 4. Hunyo 12, 1898 | |
| 5. Hunyo 23,1898 | |
| 6. Setyembre 15,1898 | |

Pagdeklara ng kasarinlan ng Pilipinas

Nagtungo sa Hong Kong si Aguinaldo

Pinasinayaan ang Kongreso ng Malolos

Bumalik si Aguinaldo sa Pilipinas sakay ng Barkong McCulloch

Itinatag ni Aguinaldo ang Pamahalaang Diktatoryal

Pinalitan ng Pamahalaang Rebolusyonaryo ang Pamahalaang Diktatoryal

# Tayahin

Panuto: Ayusin ang mga detalye at pangyayari ayon sa tamang pagkakasunod-sunod ng mga ito. Gamitin ang mga bilang **1** hanggang **10**.

_________ 1. Sa payo ni Apolinario Mabini, pinalitan ang Pamahalaang Diktatoryal ng Pamahalaang Rebolusyonaryo.

_________ 2. Agad na pinulong ni Aguinaldo ang mga rebolusyonaryong Pilipino.

_________ 3. Nilisan ni Aguinaldo ang Pilipinas kasama ang 36 na rebolusyonaryo.

_________ 4. Magsisilbi lamang na tagapayo ang Kongreso ng Malolos at hindi gagawa ng batas.

_________ 5. Napag-isahan na ipatupad ang pagtatayo ng iba't ibang sangay ng pamahalaan tulad ng lokal at kongreso.

_________ 6. Pinasinayaan sa Simbahan ng Barasoain sa Malolos, Bulacan ang Kongreso ng Malolos.

_________ 7. Itinatag ni Aguinaldo ang isang Pamahalaang Diktatoryal na ang layunin ay muling mapag-isa ang mga rebolusyonaryo sa ilalim ng isang pamahalaan.

_________ 8. Natigil ang himagsikan sa pagitan ng mga Pilipino at mga Español.

_________ 9. Naging pangulo si Aguinaldo sa ilalim ng Pamahalaang Rebolusyonaryo.

_________ 10. Bumalik si Aguinaldo sa Pilipinas mula sa Hong Kong.

## Karagdagang Gawain

Panuto: Basahin at sagutin ang mga tanong. Isulat ang sagot sa kuwaderno.

1. Bakit mahalaga ang pagkakatatag ng Saligang Batas ng Malolos?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

2. Ano ang pinakamahalagang nagawa ng Kongreso ng Malolos?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

3. Anong uri ng pamahalaan ang Pamahalaang Rebolusyonaryo?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

4. Anong uri ng pamahalaan ang Pamahalaang Diktatoryal?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

5. Ano ang hangarin ni Aguinaldo para sa bansa?

   ______________________________________________

   ______________________________________________

## Susi sa Pagwawasto

**Karagdagang Gawain**

1. Mahalaga ang pagkakabuo ng Saligang Batas ng Malolos dahil ang batas na ito ay naging saligan ng pagkakatatag ng isang republika.
2. Ang pinakamahalagang nagawa ng Kongreso ng Malolos ay ang pagsulat ng Saligang Batas.
3. Ang Pamahalaang Rebolusyonaryo ay uri ng pamahalaan na pinamumunuan ng isang pangulo na may pitong sangay. Napapailalaim din dito ang isang Kongreso. Layunin din ng Pamahalaang Rebolusyonaryo na ipagpatuloy ang kalayaan laban sa kalayaan.
4. Ang Pamahalaang Diktatoryal ay uri ng pamahalaan na binuo nina Mariano Ponce at Aguinaldo upang ihanda ang Pilipinas.
5. Ang hangarin ni Aguinaldo sa Pilipinas ay ang kalayaang makapagsarili.

**Isagawa**

1. Nagtungo sa Hongkong si Aguinaldo
2. Bumalik si Aguinaldo sa Pilipinas sakay ng Barkong McCulloch
3. Itinatag ni Aguinaldo ang Pamahalaang Diktatoryal
4. Pagdeklara ng kasarinlan ng Pilipinas
5. Pinalitan ng Pamahalaang Rebolusyonaryo ang Pamahalaang Diktatoryal
6. Pinasinayaan ang Kongreso ng Malolos

**Tayahin**

1. 3
2. 8
3. 10
4. 2
5. 7
6. 1
7. 9
8. 5
9. 6
10. 4

**Subukin**

1. B
2. C
3. E
4. F
5. A
6. H
7. G
8. J
9. H
10. L

**Balikan**

1. 4
2. 5
3. 8
4. 9
5. 6
6. 7
7. 3
8. 2
9. 1
10. 10

**Pagyamanin**

*Pahalang*

2. MCCULLOCH
3. OLYMPIA
5. GEORGEDEWEY
6. APOLINARIOMABINI
7. PEDROPATERNO

*Pababa*

1. REBOLUSYONARYO
4. BARASOAIN
8. AGUINALDO

## ***Sanggunian***

Alvenia P. Palu-ay. *Makabayan Kasaysayang Pilipino 5*: Quezon City, LG & M Corporation, 2010, 126-132.

Estrelita B. Capiῆa and Gloria P. Barrientos. Pilipinas: Bansang Malaya 5 (Heograpiya, Kasaysayan at Sibika): Quezon City:SD Publications, Inc., 2000, 112-117.

Juan Alvin B. Tiamson.  Pilipinas Serye ng Heograpiya, Kasaysayan, at Sibika 6: Sampaloc, St. Augustine Publications, Inc., 2009, 186-187.

Rosario M. Santiago. *Pilipinas Perlas ng Silanganan 6*: Manila, Innovative Educatonal Materials, Inc. 2002, 148-153.

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph